Numero ng pautang: ______________________

# Aplikasyon para sa Paghingi ng Tulong sa Pagbabayad ng Mortgage

Kung nagkakaproblema kayo sa pagbayad ng mortgage, pakisagutan at pakisumite ang aplikasyong ito, kasama ang mga kinakailangang dokumento, sa [pangalan ng servicer] sa pamamagitan ng mail: [address], fax: [fax #], o online: [website/email address]. Makikipag-ugnayan kami sa inyo sa loob ng limang araw na may pasok para ipaalam sa inyo na natanggap na namin ang mga ito, at para sabihin sa inyo kung kailangan ninyong magpadala ng mga karagdagang impormasyon o dokumento.

Gagamitin namin ang impormasyong ibibigay ninyo para tulungan kaming matukoy ang tulong kung saan kayo posibleng kwalipikado. Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsagot sa aplikasyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa [servicer name] sa [phone #].

Kung nakakaranas kayo ng pinansyal na paghihirap, posibleng kuwalipikado kayo para sa tulong sa mortgage mula sa ahensya ng iyong state para sa pagpipinansya ng pabahay o iba pang ahensya ng state o lokal na pamahalaan.

Para sa isang listahan ng mga ahensya ng pagpapayo sa pabahay na aprubado ng HUD na puwedeng makapagbigay ng impormasyon sa pag-iwas sa pagremata, o impormasyon tungkol sa mga programa ng state o lokal na pamahalaan para sa tulong sa mortgage na posibleng available; makipag-ugnayan sa isa sa mga sumusunod na ahensya ng pederal na pamahalaan:

- Ang U.S. Department of Housing and Urban Development (HUD) sa (800) 569-4287 o sa www.hud.gov/counseling
- Ang Consumer Financial Protection Bureau (CFPB) sa (855) 411-2372 o sa www.consumerfinance.gov/mortgagehelp

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagsasalin o iba pang tulong na may kinalaman sa wika, puwedeng makatulong sa inyo ang mga ahensya ng tagapayo sa pabahay na aprubado ng HUD. Ibinibigay ang mga serbisyong ito nang libre.
Para sa mga karagdagang impormasyon kung paano makakaiwas sa pagremata, kabilang na ang tulong para sa mga miyembro ng militar, puwede rin kayong bumisita sa website para sa konsumer ng Fannie Mae. Ang Fannie Mae ang nagmamay-ari sa inyong utang na mortgage.

## Impormasyon ng Nangungutang

**Pangalan ng nangungutang:** ______________________________

Social Security Number (huling 4 na digit): ____________

E-mail address: ______________________________

Pangunahing numero ng telepono: ____________________ ☐ Cell ☐ Bahay ☐ Trabaho ☐ Iba pa

Alternatibong numero ng telepono: ____________________ ☐ Cell ☐ Bahay ☐ Trabaho ☐ Iba pa

**Pangalan ng kapwa-nangungutang:** ______________________________

Social Security Number (huling 4 na digit): ____________

E-mail address: ______________________________

Pangunahing numero ng telepono: ____________________ ☐ Cell ☐ Bahay ☐ Trabaho ☐ Iba pa

Alternatibong numero ng telepono: ____________________ ☐ Cell ☐ Bahay ☐ Trabaho ☐ Iba pa

Gustong paraan ng pakikipag-ugnayan (piliin ang lahat ng naaangkop): ☐ Cell phone ☐ Telepono sa bahay ☐ Telepono sa trabaho ☐ Email ☐ Text – kung lalagyan ng tsek ang kahong ito, pumapayag kayong ma-text

Mayroon ba sa mga nangungutang ang nasa active duty o nasa militar (kabilang ang National Guard at Mga Reserve), isang dependent ng nangungutang na nasa active duty, o isang naulilang asawa ng miyembro ng militar na nasa active duty noong panahon ng pagkamatay? ☐ Mayroon ☐ Wala

## Impormasyon ng Pag-aari

Address ng Pag-aari: ______________________________

Mailing address (kung iba sa address ng pag-aari): ______________________________

- Ang pag-aari ay kasalukuyang isang: ☐ Pangunahing tirahan ☐ Pangalawang tirahan ☐ Puhunang pag-aari
- Ang pag-aari ay (piliin ang lahat ng naaangkop): ☐ Tinitirahan ng may-ari ☐ May umuupa ☐ Bakante
- Gusto kong: ☐ Panatilihin ang Pag-aari ☐ Ibenta ang Pag-aari ☐ Ilipat ang pag-aari sa aking servicer ☐ Wala pang desisyon

Ibinebenta ba ang nakalistang pag-aari? ☐ Oo ☐ Hindi - Kung oo, ibigay ang pangalan at numero ng telepono ng ahente—o lagyan ng "ibinebenta ng may-ari" kung naaangkop: ______________________________

Napapailalim ba ang pag-aari sa mga bayarin sa condominium o homeowners' association (HOA)? ☐ Oo ☐ Hindi – Kung oo, ilagay kung magkano ang buwanang singil: $________

## Impormasyon tungkol sa Kahirapan

Nagsimula ang kahirapang nagreresulta sa problema sa pagbabayad ng mortgage noong bandang (petsa)__at mukhang ito ay:

- ☐ Panandalian (hanggang 6 na buwan)
- ☐ Pangmatagalan o permanente (lampas 6 na buwan)
- ☐ Nalutas noong (petsa)_________________________

| **URI NG KAHIRAPAN** (LAGYAN NG TSEK ANG LAHAT NG NAAANGKOP) | **KINAKAILANGANG DOKUMENTASYON SA KAHIRAPAN** |
|---|---|
| ☐ Kawalan ng trabaho | ▪ Hindi kailangan |
| ☐ Kabawasan sa kita: kahirapang nagresulta sa pagbaba ng inyong kita dahil sa mga sitwasyong hindi ninyo kontrolado (hal., pagkakaalis ng overtime, pagbabawas sa regular na oras ng trabaho, pagbabawas sa base pay) | ▪ Hindi kailangan |
| ☐ Pagtaas ng mga gastusin sa bahay: kahirapang nagdulot ng pagtaas ng inyong mga gastusin sa bahay dahil sa mga sitwasyong hindi ninyo kontrolado (hal., mga pagkasirang walang insurance, pagtaas ng amilyar, espesyal na pagsusuri ng HOA) | ▪ Hindi kailangan |
| ☐ Sakuna (gawa ng kalikasan o ng tao) na nakaapekto sa pag-aari o sa pinagtatrabahuhang lugar ng nangungutang | ▪ Hindi kailangan |
| ☐ Pangmatagalan o permanenteng kapansanan, o malubhang pagkakasakit ng nangungutang/kapwa-nangungutang o dependent na miyembro ng pamilya | ▪ Nakasulat na pahayag mula sa nangungutang, o iba pang dokumentasyong nagbeberipika ng kapansanan o sakit<br>**Tandaan**: Hindi kailangan ng detalyadong medikal na impormasyon, at hindi kailangan ng impormasyon mula sa medikal na provider |
| ☐ Diborsyo o legal na paghihiwalay | ▪ Pinal na kautusan sa diborsyo o pinal na kasunduan sa paghihiwalay **O**<br>▪ Naka-record na quitclaim deed |
| ☐ Paghihiwalay ng mga nangungutang na walang kaugnayan sa kasal, pagsasamang sibil, o mga katulad na pagsasama sa ilalim ng naaangkop na batas | ▪ Naka-record na quitclaim deed **O**<br>▪ Kasunduang may bisa sa ilalim ng batas na nagpapatunay na isinusuko na ng nangungutang o kapwa-nangungutang na hindi nakatira sa pag-aari ang lahat ng karapatan sa pag-aari |
| ☐ Pagkamatay ng nangungutang o pagkamatay ng pangunahin o pangalawang kumikita | ▪ Sertipiko ng pagkamatay **O**<br>▪ Obituwaryo o artikulo sa pahayagan na nag-uulat sa pagkamatay |
| ☐ Paglipat/relokasyon sa malayo dahil sa trabaho | ▪ **Para sa mga nasa serbisyo na active duty:** Mga Permanent Change of Station (PCS) order o liham na nagsasaad ng paglipat.<br>▪ **Para sa mga paglipat dahil sa trabaho/bagong trabaho**: Kopya ng nilagdaang liham ng alok o abiso mula sa employer na nagsasaad ng paglipat sa isang bagong lokasyon o nakasulat na paliwanag kung walang naaangkop na dokumentasyon mula sa employer, **AT**<br>▪ Dokumentasyong nagsasaad ng halaga ng anumang ibinigay na tulong pangrelokasyon (hindi kailangan para sa mga may PCS order) |
| ☐ Iba pa – kahirapang hindi saklaw sa itaas: | ▪ Nakasulat na paliwanag na nagdedetalye sa kahirapan at anumang nauugnay na dokumentasyon |

## Kita ng Nangungutang

Pakilagay ang lahat ng kita ng nangungutang sa gitnang column.

| URI AT HALAGA NG LAHAT NG KITA NG NANGUNGUTANG KADA BUWAN | | KINAKAILANGANG DOKUMENTASYON SA KITA |
|---|---|---|
| Mga gross (bago ibawas ang buwis) na sahod, sweldo, at overtime pay, komisyon, tip, at bonus | $ | ▪ Pinakabagong pay stub at dokumentasyon ng mga year-to-date na kita kung wala sa pay stub **O**<br>▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagpapakita ng mga idinepositong halaga ng kita |
| Kita mula sa pagiging self-employed | $ | ▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagpapakita ng mga idinepositong halaga ng kita mula sa pagiging self-employed **O**<br>▪ Pinakabagong nilagdaan at pinetsahang statement ng quarterly o year-to-date na tubo/pagkalugi **O**<br>▪ Pinakabagong nakumpleto at nilagdaang tax return ng negosyo **O**<br>▪ Pinakabagong nakumpleto at nilagdaang indibidwal na pederal na income tax return |
| Kita mula sa benepisyo dahil sa kawalan ng trabaho (Unemployment benefit) | $ | ▪ Walang kailangang dokumentasyon |
| Nabubuwisang Social Security, pensyon, mga benepisyo dahil sa kapansanan (disability), pagkamatay (death), tulong sa pag-aampon (adoption assistance), allowance sa pabahay, at iba pang tulong sa publiko | $ | ▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagpapakita ng mga idinepositong halaga **O**<br>▪ Mga liham ng paggawad o iba pang dokumentasyong nagpapakita ng halaga at dalas ng mga benepisyo |
| Hindi nabubuwisang Social Security o kita dahil sa kapansanan (disability income) | $ | ▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagpapakita ng mga idinepositong halaga **O**<br>▪ Mga liham ng paggawad o iba pang dokumentasyong nagpapakita ng halaga at dalas ng mga benepisyo |
| Mga kita sa pagpaparenta (mga natanggap na renta na kakaltasan ng mga gastusin maliban sa gastos sa mortgage) | $ | ▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagsasaad ng pagtanggap sa renta **O**<br>▪ Dalawang pinakakamakailang nadepositong tseke ng renta |
| Kita sa pamumuhunan o insurance | $ | ▪ Dalawang pinakabagong statement ng pamumuhunan **O**<br>▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagsasaad ng pagtanggap sa kita |
| Iba pang pinagkukunan ng kita na hindi nakalista sa itaas (Paalala: Isama lang ang sustento sa hiniwalayang asawa (alimony), sustentong pambata (child support), o panustos sa paghihiwalay (separate maintenance income) kung pinili ninyong ikonsidera ito sa pagbabayad sa utang na ito) | $ | ▪ Dalawang pinakabagong bank statement na nagsasaad ng pagtanggap sa kita **O**<br>▪ Iba pang dokumentasyong nagpapakita ng halaga at dalas ng kita |

## Mga Kasalukuyang Asset ng Nangungutang

Huwag isama ang mga pondo para sa pagreretiro gaya ng 401(k) o Individual Retirement Account (IRA), at mga savings account para sa kolehiyo gaya ng 529 plan.

| | |
|---|---|
| (Mga) checking account at hawak na pera | $ |
| Ipon, mga money market fund, at mga Certificate of Deposit (CD) | $ |
| Mga stocks at bond (mga hindi pang-retirement na account) | $ |
| Iba pa: | $ |

## Sertipikasyon at Kasunduan ng Nangungutang

1. Kinukumpirma at kinikilala kong totoo ang lahat ng impormasyong nakalagay rito sa Aplikasyon para sa Paghingi ng Tulong sa Pagbabayad ng Mortgage, at ang tinukoy kong kahirapan ang nagdulot sa pangangailangan kong humingi ng tulong sa pagbabayad ng mortgage. Ang sinasadyang pagbibigay ng maling impormasyon ay labag sa Pederal na batas at sa iba pang naaangkop na batas.
2. Sumasang-ayon akong ibigay sa aking servicer ang lahat ng kinakailangang dokumento, kabilang ang anumang karagdagang pansuportang dokumentasyon kung hihilingin, at tutugon ako agad sa lahat ng komunikasyon ng servicer o awtorisadong third party*.
3. Kinikilala ko at sumasang-ayon ako na walang obligasyon ang aking servicer na alukin ako ng tulong batay lang sa mga nakasaad sa dokumentong ito o sa iba pang dokumentasyong isinumite kaugnay ng aking kahilingan.
4. Pumapayag akong kunin ng servicer o awtorisadong third party* ang kasalukuyang credit report ng nangungutang at kapwa-nangungutang.
5. Pumapayag akong ipaalam ng aking servicer, awtorisadong third party,* o ng sinumang investor/guarantor ng aking (mga) pautang na mortgage ang anumang personal na impormasyong nakalap habang nasa proseso ng paghingi ng tulong sa mortgage at anumang impormasyon tungkol sa tulong na matatanggap ko, sa sinumang third party na nangangasiwa sa (mga) unang prenda (first lien) o sumunod na prenda (subordinate lien) (kung naaangkop), kabilang ang Fannie Mae, Freddie Mac, o sinumang investor, insurer, guarantor, o servicer ng aking (mga) pautang na mortgage o anumang kumpanyang nagbibigay sa kanila ng mga serbisyong pansuporta, para sa mga layuning pinapahintulutan ng naaangkop na batas, kabilang ang mga sumusunod pero hindi limitado sa mga ito: pagbibigay ng tulong sa mortgage, pag-verify ng anumang data o impormasyon nasa aplikasyong ito, at mga pag-audit at quality control. Ang personal na impormasyon ay maaaring kabilangan ngunit hindi limitado sa: (a) aking pangalan, address, numero ng telepono, (b) aking Social Security number, (c) aking credit score, (d) aking kita, (e) aking history ng pagbabayad at impormasyon tungkol sa mga balanse at aktibidad sa aking account, at (f) aking tax return at mga impormasyong nakalagay rito.
6. Sumasang-ayon ako na ang mga tuntuning nasa sertipikasyon at kasunduang ito ng nangungutang ay ilalapat sa anumang plano sa trial period ng modification o pagbabago, plano sa repayment, o plano sa forbearance na maaaring ialok sa akin batay sa aplikasyong ito. Kung makakatanggap ako ng alok para sa plano sa trial period ng modification o plano sa pagbabayad muli, sumasang-ayon ako na ang una kong pagbabayad sa tamang oras sa ilalim ng plano na ito ang magsisilbing pagtanggap ko sa plano.
7. Pumapayag akong makontak kaugnay ng aplikasyong ito para sa paghingi ng tulong sa mortgage sa anumang numero ng telepono, kabilang ang numero ng mobile na telepono, o email address na ibinigay ko sa nagpapautang, servicer, o awtorisadong third party.*

* Maaaring kabilang sa awtorisadong third party ang mga sumusunod, pero hindi ito limitado sa mga ito: ahensyang tagapayo sa pabahay, Housing Finance Agency (HFA), o iba pang katulad na entity na tumutulong sa aking makakuha ng alternatibo para maiwasan ang pagremata o foreclosure.

Lagda ng nangungutang: ______________________________________________ Petsa: __________________________

Lagda ng kapwa-nangungutang:_________________________________________Petsa: ___________________________

**Pakisumite ang nakumpleto ninyong aplikasyon, kasama ang mga kinakailangang dokumentasyon, sa [pangalan ng servicer] sa mail: [address], fax: [fax #], o online: [website/email address]. Makikipag-ugnayan kami sa inyo sa loob ng limang araw na may pasok para ipaalam sa inyo na natanggap na namin ang mga ito, at para sabihin sa inyo kung kailangan ninyong magpadala ng mga karagdagang impormasyon o dokumento.**

**Gagamitin namin ang impormasyong ibinigay ninyo para tulungan kaming matukoy ang tulong kung saan kayo posibleng kwalipikado.**